# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 37

"10 Mapapalad ang mga pinaguusig dahil sa katuwiran: sapagka't kanila ang kaharian ng langit." (Mateo 5:10) Ang kabanalan ng Diyos sa atin ay kapag tayo ay inuusig alang alang sa katuwiran, alang alang sa gawain, o pagsasabi o pagiisip at pagkakaroon ng pagpapahalaga sa kung ano ang tama, pagkatapos ang Diyos ang magpapala sa atin sa pagbibigay sa atin ng Kaharian ng Diyos.

"32 Datapuwa't alalahanin ang mga nakaraang araw, na sa mga yaon, pagkatapos na kayo'y maliwanagan, ay nangagtiis kayo ng malaking pakikilaban ng mga pagbabata; 33 Na una una ay naging isang katawatawa dahil sa mga pagkasiphayo at gayon din sa mga kahirapan; at sa ikalawa, ay naging kasama niyaong mga inaring gayon. 34 Sapagka't kayo'y nangahabag sa mga may tanikala, at tinanggap ninyo ng buong galak ang pagkaagaw ng inyong pag-aari, palibhasa'y inyong nalalamang mayroon kayo sa inyong sarili ng isang pag-aaring lalong mabuti at tumatagal. 35 Huwag nga ninyong itakuwil ang inyong pagkakatiwala, na may dakilang ganting-pala. 36 Sapagka't kayo'y nangangailangan ng pagtitiis, upang kung inyong magawa ang kalooban ng Dios, ay magsitanggap kayo ng pangako. 37 Sapagka't sa madaling panahon, Siyang pumaparito ay darating, at hindi magluluwat.38 Nguni't ang aking lingkod na matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya: At kung siya ay umurong, ay hindi kalulugdan ng aking kaluluwa.39 Nguni't tayo'y hindi doon sa mga nagsisibalik sa kapahamakan; kundi doon sa mga may pananampalataya sa ikaliligtas ng kaluluwa." (Hebreo 10:32-39) Ang Diyos sa panahon ng paguusig ay sinusubok tayo at sinusubok ang pagtugon sa ating pinagdaraanan.

"32 Datapuwa't alalahanin ang mga nakaraang araw, na sa mga yaon, pagkatapos na kayo'y maliwanagan, ay nangagtiis kayo ng malaking pakikilaban ng mga pagbabata;" (Hebreo 10:32) Dito si Apostol Pablo ay pinaalalahanan ang mga Hebreo, yaong mga nagmulang Judio na tumanggap kay Cristo, at nagpapaliwanag ng Salita ng Diyos at ng Banal na Espiritu, kung paanong itinuring silang masama at kung paano nila tiniis ang malaking pagdurusa. Sa Juan 9 ating mababasa kung paanong ang bulag na lalaki na pinagaling ni Jesus at siya'y nakakita, ay pinalayas mula sa Sinagoga sapagkat sinabi niya na si Jesus ay ang propeta na ipinadala ng Diyos gaya ng sinabi ni Moises. Ang alaking yaon sapagka't kanyang pinatotohanan na si Jesus ay ang katuparan ng Kasulatan ng Lumang Testamento siya ay pinalayas mula sa sinagoga. Sa parehong paraan tayo ay haharangan at aalisin mula sa tiyak na pribilehiyo kapag sinalita natin sa mga tao ang katotohanan mula sa Salita ng Diyos. Ating basahin at pagnilayan dito sa Juan 9: "17 Muling sinabi nga nila sa bulag, Ano ang sabi mo tungkol sa kaniya, na siyang nagpadilat ng iyong mga mata? At kaniyang sinabi, Siya'y isang propeta. 18 Hindi nga nagsipaniwala ang mga Judio tungkol sa kaniya, na siya'y naging bulag, at tumanggap ng kaniyang paningin, hanggang sa kanilang tinawag ang mga magulang niyaong tumanggap ng kaniyang paningin, 19 At nangagtanong sa kanila, na sinasabi, Ito baga ang inyong anak, na sinasabi ninyong ipinanganak na bulag? paano ngang nakakakita siya ngayon? 20 Nagsisagot ang kaniyang mga magulang, at nangagsabi, Nalalaman naming ito'y aming anak, at siya'y ipinanganak na bulag: 21 Datapuwa't kung paanong siya'y nakakakita ngayon, ay hindi namin nalalaman; o kung sino ang nagpadilat ng kaniyang mga mata, ay hindi namin nalalaman: tanungin siya; siya'y may gulang na; siya'y magsasalita para sa sarili niya. 22 Ang mga bagay na ito'y sinabi ng kaniyang mga magulang, sapagka't nangatatakot sa mga Judio: sapagka't pinagkaisahan na ng mga Judio, na kung ang sinomang tao'y ipahayag siya na siya ang Cristo, ay palayasin siya sa sinagoga.( Kaya dito ang paguusig ay napaka linaw, na yaong mga nagpapahayag kay Cristo ay ilalabas at ibubukod at parurusahan sa ekonomiya, wala ni isang kukuha sa kanila at hindi sila makakakuha ng anoman tulong). 23 Kaya't sinabi ng kaniyang mga magulang, Siya'y may gulang na; tanungin siya.24 Dahil dito'y tinawag nilang bilang ikalawa ang taong naging bulag, at sinabi sa kaniya, Luwalhatiin mo ang Dios: nalalaman naming makasalanan ang taong ito. 25 Sumagot nga siya, Kung siya'y makasalanan ay hindi ko nalalaman: isang bagay ang nalalaman ko, na, bagaman ako'y naging bulag, ngayo'y nakakakita ako. 26 Sinabi nga nila sa kaniya, Ano ang ginawa niya sa iyo? paano ang pagkapadilat niya sa iyong mga mata? 27 Sinagot niya sila, Kasasabi ko lamang sa inyo, at hindi ninyo pinakinggan; bakit ibig ninyong marinig uli? ibig baga naman ninyong kayo'y maging mga alagad niya? Tingnan ang katapangan ng bagong sumampalataya lalaki, siya ay hindi takot na harapin ang pinuno ng mga Judio sa katotohanan ng Diyos. Kahit siya ay nagiisa, bagkus ginawa niya ang kanyang bahagi ng maayos at handang magdusa para kay Cristo). 28 At siya'y kanilang inalipusta, (sila'y nagsalita ng masama laban sa kanya. Sila din ay magsasalita laban sa atin kapag ating hinarap sila ng katotohanan,) at sinabi, Ikaw ang alagad niya; datapuwa't kami'y mga alagad ni Moises. 29 Nalalaman naming nagsalita ang Dios kay Moises: datapuwa't tungkol sa taong ito, ay hindi namin nalalaman kung taga saan siya. 30 Sumagot ang tao at sa kanila'y sinabi, Narito nga ang kagilagilalas, na hindi ninyo nalalaman kung siya'y taga saan, at gayon ma'y pinadilat niya ang aking mga mata. 31 Nalalaman naming hindi pinakikinggan ng Dios ang mga makasalanan: datapuwa't kung ang sinomang tao'y maging mananamba sa Dios, at ginagawa ang kaniyang kalooban, siya'y pinakikinggan niya.(Narito ang lalaki ay ipinagtatangol si Jesus na hindi Siya makasalanan kundi isang mananamba sa Diyos at ginagawa ang buong kalooban ng Diyos.) 32 Buhat nang lalangin ang sanglibutan ay hindi narinig kailan man na napadilat ng sinoman ang mga mata ng isang taong ipinanganak na bulag.(Sinasaway ng lalaki sila para sa kanilang hindi pananampalataya, dahil si Jesus ay gumawa ng isang himala ngunit ayaw nilang maniwala kay Jesus. Kapag ating ipinagtanggol si Jesus at sabihin sa mga tao kung ano ang Kanyang ginagawa, at ang mga himala na Kanyang ginanap para sa kanila at sila'y hindi maniniwala sa gayo'y kamumuhian nila tayo at kailangan nating maging handa para sa paguusig at pagtanggi, pagaalsa, pagbubukod atbp.) 33 Kung ang taong ito'y hindi galing sa Dios, ay hindi makagagawa ng anoman. 34 Sila'y nagsisagot at sa kaniya'y sinabi, Ipinanganak kang lubos sa mga kasalanan, at ikaw baga ang nagtuturo sa amin? At siya'y pinalayas nila.( Kaya sa wakas pagkatapos niyang ibinigay sa kanila ang Salita ng Diyos at nakipagtalo sa kanila tungkol kay Jesus, tinatakan nila siya bilang makasalanan at pinalayas ng sinagoga.) 35 Nabalitaan ni Jesus na siya'y pinalayas nila; at pagkasumpong sa kaniya, ay sinabi niya, Sumasampalataya ka baga sa Anak ng Dios?" (Juan 9:17-35) Nang siya ay pinalayas si Jesus ay nagtungo sa kanya at inaliw siya at ipinahayag ang Kanyang sarili sa kanya. Sa parehong paraan, si Jesus ay aabutin tayo upang tulungan tayo at upang aliwin tayo kapag tayo'y pinaguusig, tinanggihan, pinalayas at itinuring na masama.

"33 Na una una ay naging isang katawatawa dahil sa mga pagkasiphayo at gayon din sa mga kahirapan; at sa ikalawa, ay naging kasama niyaong mga inaring gayon." (Hebreo 10:33) Sinabi ni Pablo sa mga Judio na naniniwala kay Cristo na sila'y paguusigin, sila'y gagawan

na masamang halimbawa sa iba, sila'y pagsasalitaan ng masama ng mga ito, sila'y aalipustahin, bubugbugin, gagawan sila ng eskandalo, at sila'y tatakan kagaya ng iba na itinuring ng katulad.

"34 Sapagka't kayo'y nangahabag sa mga may tanikala, at tinanggap ninyo ng buong galak ang pagkaagaw ng inyong pag-aari, palibhasa'y inyong nalalamang mayroon kayo sa inyong sarili ng isang pag-aaring lalong mabuti at tumatagal." (Hebreo 10:34) Pinaalalahanan din sila ni Pablo na sila'y makikiisa sa kanya habang siya nasa tanikala ng bilangguan. Sa karagdagang kinuha nila ang kanilang mga gamit at nawalan ng mga materyal, ngunit tinanggap nila yaon ng may kagalakan, at dito si Apostol Pablo ay sinabi sa kanila na mayroon kang mas mahusay at mas matatag na bagay sa Langit.

"12 Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo." (Mateo 5:12) Ang paliwanag ng sinabi ni Jesus "sapagkat malaki ang ganti sa inyo ng langit" Bakit ang gantimpala ay sa Langit? Sapagkat sa lupa ang makukuha nating mabubuting bagay ay maaring kuhanin ng mga naguusig sa atin. Sapagkat sa bawat gawain ng Diyos na iyong gagawin at sa bawat kaluluwa na iyong aabutin ikaw ay paguusigin at ang diyablo ay lulusubin na at gagamit ng mga tao upang patigilin ka at hadlangan ka. Maari kang saktan ng mga parehong mga tao na iyong pinaglilingkuran, ngunit sa lahat ng iyong nagawang mabuti ikaw ay may ganting-pala sa langit. Ako ay may ganting-pala sa langit sa bawat kaluluwa na aking inabot at inalagaan. Kahit sa mga tumalikod, kahit sa mga gumamit ng Salita ng Diyos para sa kanilang mga pansariling benepisyo, kahit sa mga nanakit sa akin, kahit sa mga pinagusig ako at naguusig at pinaguusig ang simbahan, ako ay may ganting-pala sa Diyos para sa aking pinagpagalan at ginawa sa kanilang buhay, sapagkat malaki ang aking ganting-pala sa Langit gaya ng sinabi ni Jesus. Ang Diyos ay matuwid at ang Diyos ay tapat sa kanyang Salita.

"35 Huwag nga ninyong itakuwil ang inyong pagkakatiwala, na may dakilang ganting-pala." (Hebreo 10:35) Ngayon ang paulit ulit na paguusig ay ang isang pinagmumulang ng mga kaguluhan at kapahamakan at nagdudulot ng nakakatakot, panghihina ng loob, at pagkabigo at ang mga taong nalantad doon sila'y maaring madali sumuko, sapagkat sila'y nagsikap at ang kanilang pinapagalan ay nilusob, sa gayon ang kanilang kumpiyansa sa Diyos at sa Kanyang Salita ay maaring mayanig. Sa gayon si Apostol Pablo dito ay sinasabi sa kanila na huwag itapon ang kanilang kumpiyansa sa Diyos at sa Kanyang Salita, sapagkat sila'y ganap na pagpapalain sa Langit.

"36 Sapagka't kayo'y nangangailangan ng pagtitiis, upang kung inyong magawa ang kalooban ng Dios, ay magsitanggap kayo ng pangako." (Hebreo 10:36) Si Apostol Pablo dito ay pinayuhan sila na kailangan nilang magpakahinuhod upang sila'y makapagpatuloy sa paglalakbay upang tuparin ang kalooban ng Diyos.

Aking sinimulan ang paglalakbay, inilaan ko ang aking panahon sa paglalakbay, ang aking kalusugan, ang aking lakas, at ang aking pananalapi, pinutol ko mula sa aking bibig at mula sa bibig ng aking kapamilya upang ipagpatuloy ang aking paglalakbay, hanggang kami'y nilapastangan, tinanggihan, pinagusig ng parehong mga tao na aming pinaglingkuran at ang lahat ng aming inilaan ay nawala, nguni't kami'y nagpatuloy ng paglalakbay, nagpapasalamat sa Diyos, sapagkat ngayon ginawang madali ng Panginoon, ito ay online, hindi ko na kailangang maglakbay at maglaan ng malaking halaga ng salapi, panahon, at pagsisikap upang abutin ang mga tao. Ang mensahe na kailangan nilang marinig ipinapadala ko sa kanila. Isa sa paglalakbay bilang isang misyonaryo sa Myanmar na inaakala kong maglalakbay ng 48 oras upang makarating sa lugar ng walang tulog, ito ay naging 72 oras sapagkat naiwan ako ng isang eroplano. Nakita ko ang pintuan ng Hades sa paglalakbay na yaon. Ang parehong mga tao, tinanggihan nila ako pagkatapos ng tatlong taon at umalis mula Simbahan ng Diyos dahil nakita nila ang iba na binayaran sila ng mas mahusay. Ngunit ako'y hindi pinaghinaan ng loob, at ako'y nagpatuloy upang abutin ang bagong mga tao at idisipulo sila nalalaman na ako'y may ganting-pala sa Langit sa bawat gawa na aking nagawa sa Panginoon. Ako'y nagpapasalamat sa Diyos ngayon para sa COVID-19, kung saan ang hustisya ng Diyos, na hindi ako mangangailangang maglakbay katulad ng dati bagkus kailangan ko lng ipadala ang mga mensahe. Nang Kanyang sinabi, "37 Sapagka't sa madaling panahon, Siyang pumaparito ay darating, at hindi magluluwat." (Hebreo 10:37) Ito'y nangangahulugang si Jesus ay darating sa Kanyang paghatol, upang hatulan ang masama na nanakit sa matutuwid at pinagusig sila. Si Jesus ay darating upang pigilan sila mula sa pagpapatuloy sa paggawa niyaon. Hindi hahayaan ng Diyos ang masama na manaig, bagkus siya ay darating at hindi niya hahayaan silang magpatuloy na mang abuso. Si Jesus ay darating at tayo ay palalayain mula sa mga umaabuso sa atin. At hindi dapat tayong makipagkompromiso upang paluguran ang mga tao upang pasiyahin sila kasama natin at pigilan sila sa paguusig sa atin. Dapat nating gawin at sabihin kung ano ipinaguutos sa atin ng Diyos at kailangan nating magtiwala sa Diyos at tumalima sa Kanya, kahit na tayo ay pinaguusig, sa gayon yaon ang kalooban ng Diyos at kailangan nating tiisin ito, nalalaman na Siya ay darating at susuportahan tayo sa ating ministerio at sa ating paglalakbay at sa buhay sa Kanya.

"38 Nguni't ang aking lingkod na matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya: At kung siya ay umurong, ay hindi kalulugdan ng aking kaluluwa." (Hebreo 10:38) Dito ang apostol ay kinuha ang pahayag na ito Ngayon ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya: mula sa Habakuk 2:4 "Narito, ang kaniyang kaluluwa ay nagpapalalo, hindi tapat sa kaniya; nguni't ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng kaniyang pananampalataya."(Habakuk 2:4) Ang matuwid ay nabubuhay sa pananampalataya sa Diyos, kahit na siya'y inuusig, nilalait, ang kanyang mga gamit ay kinuha, siya pa rin ay nqgtitiwala sa Diyos na dadalhin Niya ang katarungan, at ang kanyang pagtitiwala sa Diyos ay makikita gaya ng kanyang kahandaang magpatuloy upang abutin ang mga bagong tao, pageebanghelyo, paggawa ng bagong mga alagad, nalalaman na Siya ay naglilingkod sa Diyos at hindi sa mga tao at Siya ay gagantimpalaan para doon ng Panginoon.

Ngayon ang katawagan ng Diyos ay patungo sa lahat ng mga manggagawa ito na pinanghinaan ng loob ng paguusig at ng mga kaguluhan. Ang Diyos ay narito ulit upang tawagin ka upang abutin ang mga bagong bayan at idisipulo sila. Tinatawag ka ng Diyos upang bumalik sa paglilingkod at gawin ang ministerio.

"38 Nguni't ang aking lingkod na matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya: At kung siya ay umurong, ay hindi kalulugdan ng aking kaluluwa."(Hebreo 10:38) Ang pahayag, "At kung siya'y umurong" ito'y nangangahulugan na ayaw niyang magpatuloy dahil sa kahirapan at ayaw magpatuloy dahil ayaw niyang masaktan muli, ngunit yaon ay hindi makakalugod sa Diyos. Ang pahayag "At kung siya'y umurong" sa Hebreo 10:38 ay kabaligtaran sa "Narito, ang kaniyang kaluluwa ay nagpapalalo, hindi tapat sa kaniya; nguni't ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng kaniyang pananampalataya." (Habakuk 2:4) ibig sabihin ang sanhi ng pagurong ay pagmamataas( kanyang kaluluwa ay nagpapalalo) at sariling katuwiran (ay hindi tapat sa kanya) kaya naman yaong tao na pinagusig ay tinanggihan ang mga kaparaaanan ng Diyos at ang kalooban ng Diyos. Kapag tayo'y nageebanghelyo iniisip natin ang mga tao ay dapat mahalin tayo, yaon ay ang ating pagmamalaki at ang ating sariling katuwiran, ngunit ang Bibiliya ay nagtuturo sa atin na tayo'y kamumuhian nila, ngunit kailangan nating magpatuloy na ibigin ang mga tao, hindi kinakailangan sa parehong mga dating tao na umisig sa atin ngunit bagong bayan, bagong mga pamilya, bagong lugar, bagong bansa, bagong nasyon, o bagong wika, na kailangan nating puntahan at magebanghelyo. Sa gayon :5 Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan:6 Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas." (Kawikaan 3:5-6) Kailangan nating tanggapin ang paguusig kapag tayo ay nageebanghelyo sapagkat yaon ay ang kalooban ng Diyos at ang mga paraan ng Diyos.

"39 Nguni't tayo'y hindi doon sa mga nagsisibalik sa kapahamakan; kundi doon sa mga may pananampalataya sa ikaliligtas ng kaluluwa." (Hebreo 10:39) Oo hindi tayo doon sa mga nagsisibalik at nawala. "Ngunit tayo'y hindi doon sa mga nagsisilibak sa kapahamakan:" nangangahulugan yaong nagsibalik dahil sa paguusig ay ituturing na nawala. Si Juda na siyang tinawag sa Banal na Kasulatan ay ang anak ng kapahamakan maaring hindi gustong usigin nang kanyang napagmasdan na ang mga Judio ay pinupuntirya si Jesus nang walang tigil.

Sa aking mahal at minamahal: "39 Nguni't tayo'y hindi doon sa mga nagsisibalik sa kapahamakan; kundi doon sa mga may pananampalataya sa ikaliligtas ng kaluluwa." (Hebreo 10:39) Ito ay babala sa atin na huwag magsibalik, bagkus kailangan nating magpakumbaba at tanggapin ang kalooban ng Diyos para sa atin upang usigin at tanggihan, at sampalatayahan na yaon ay ang kalooban ng Diyos para sa atin kay JesuCristo na ating Panginoon. Ito ang aking pagpapahayag ngayon: Ngunit hindi ako kabilang sa kanila na nagsisibalik sa kapahamakan kundi sa kanila na naniniwala sa ikaliligtas ng kaluluwa. Bawat kaluluwa na iyong sinusubukang dalhin kay Cristo ay magdudulot sayo ng pagdurusa at paguusig, at nais ng Diyos sayo na tiisin ito. Sa gayon ating sabihin ito ng malakas at ng may pananampalataya, at pagtalima at kagustuhan na magpatuloy na maglingkod sa Diyos: "Nguni't tayo'y hindi doon sa mga nagsisibalik sa kapahamakan; kundi doon sa mga may pananampalataya sa ikaliligtas ng kaluluwa." (Hebreo 10:39)

Maaring tayo ay harangan at itakwil mula sa ilang mga pribilehiyo kapag sinalita natin sa mga tao ang katotohanan mula sa Salita ng Diyos, ngunit kailangan nating magtiis at ipagpatuloy yaon bilang itinalaga ito para sa atin.

Kapag ating ipinagtanggol si Jesus at sabihin sa mga tao ang Kanyang ginawa, ang Kanyang kamatayan sa krus, at ang mga himala na Kanyang ginawa para sa kanila at hindi sila'y hindi naniniwala, sa gayo'y sila'y mamumuhi sa atin at kailangan nating maging handa sa paguusig, pagtanggi, pagaalsa, pagbubukod, at matatakan bilang makasalanan at ihiwalay mula sa kanilang grupo. Ngunit si Jesus ay pupunta sa atin at aaliwin tayo. Aabutin tayo ni Jesus upang tulungan tayo at upang aliwin tayo kapag tayo'y pinaguusig, tinanggihan, ibinukod palabas, at itinuring na masama.

Sa bawat gawa ng Diyos na ginawa mo at para sa bawat kaluluwa na iyong inabot makakakuha ka ng paguusig at ang diablo ay lulusubin ka at gagamitin ang mga tao upang pigilan ka at hadlangan ka. Maaring ikaw ay masaktan ng parehong mga tao na iyong pinaglilingkuran, ngunit para sa lahat ng iyong nagawa mayroon kang ganting-pala mula sa Panginoon kung hindi sa lupa sa gayon iyong matatangap sa Langit.

Ang paguusig ay direkta sayo patungo sa kalooban ng Diyos. Ang paguusig ay makakasama sa atin ngunit ito din ay magpapasakdal sa kalooban ng Diyos sa ating mga buhay at mangunguna sa atin upang tuparin ang layunin ng Diyos.

Hindi hahayaan ng Diyos ang masama ay manaig, bagkus siya ay darating at hindi hahayaan sila na magpatuloy na mangabuso. Si Jesus ay dadating at papalayain tayo mula sa mga nangaabuso sa atin. At hindi dapat tayong makipagkompromiso upang paluguran ang mga tao upang pasiyahin sila at pigilan sila mula sa paguusig sa atin. Dapat natin gawin at sabihin kung anong inaatas ng Diyos sa atin at kailangan nating magtiwala sa Diyos at tumalima sa Kanya kahit na tayo'y pinaguusig, sa gayo'y yaon ang kalooban ng Diyos at kailangan nating tiisin ito, nalalaman na Siya ay dadating at susuportahan tayo sa ating ministerio at sa ating paglalakbay at buhay para sa Kanya.

Huwag panghinaan ng loob sa paguusig. Ang Panginoon ay palalakasin tayo at tutulungan tayo na makalampas sa kritikal na pangyayari sa ating buhay. Samakatuwid, mabuhay sa pananampalataya sa Diyos, kahit na ikaw ay pinaguusig, nilalait, ang iyong mga gamit ay inagaw, patuloy na magtiwala sa Diyos na dadalhin niya ang katarungan. Patuloy na makita ang iyong pagtitiwala sa Diyos habang handa kang magpatuloy na abutin ang bagong bayan, magebanghelyo, paggawa ng bagong mga alagad, pagsisimula ng pagaaral ng Bibilya, at pagtatanim ng bahong kapisanan, nalalaman na ikaw ay naglilingkod sa Diyos at hindi sa mga tao at ikaw ay gagantimpalaan para doon ng Panginoon. "58 Kaya nga, mga kapatid kong minamahal, kayo'y magsitatag, huwag makilos, na laging sumasagana sa gawa ng Panginoon, yamang nalalaman ninyo na hindi walang kabuluhan ang inyong gawa sa Panginoon." (1 Corinto 15:58)

Ang aking panalangin:

Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa kamatayan nang ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagawa kong maunawaan ang iyong kalooban para sa akin upang usigin, at kung paano ko kailangang magtiyaga dalhin ang panlalait ng mga tao, pangungutya, ekonomiyang pagaalsa, sakit, paghihiwalay, at pisikal na pag atake. Panginoon salamat sa paggising sa akin na ang paguusig ay darating habang ako'y desididong pumunta at maglingkod sayo.

Ipahayag sa Diyos ang iyong mga kasalanan at talikdan ang iyong mga takot at ang iyong walang kagustuhan upang usigin.

Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan
Hingin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong walang kagustuhan na usigin, at ang iyong pagibig sa materyal na mga bagay ng higit sa Diyos. Hingin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong galit, sama ng loob, at panghihina ng loob tungo sa paguusig na iyong natanggap. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng pagpapahinuhod, pagtitiyaga, at pagpipigil sa sarili upang patuloy na gawin kung ano ang tama at mamunga kahit sa ilalim ng kalagayan ng paguusig.

Panginoon aking ipinagkakatiwala ang aking sarili na tumalima sa iyong Salita na aking natanggap sa mensaheng ito upang maging isang tagapagdala ng bunga, manggagawa sa iyong ubasan, at handang tiisin ang panggigipit ng paguusig, pagpapatawad sa mga nagsalita at gumawa ng masama laban sa akin. Panginoon handa akong linangin ang higit na pagibig, pagpapahinuhod, pagtitiyaga, at mahabang pagtitiis habang ako'y naghihintay sa iyong paghatol, ang iyong pagpapatibay, ang iyong gantimpala at ang iyong pangalawang pagbabalik.

Panginoon, aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang mabuhay ng kanilang buhay para sayo, upang salitain ang iyong Salita, at pagusugin alang alang sa iyong katuwiran, Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan, Panginoon iligtas sila mula sa oras ng masama. Panginoon gumawa ng mga himala sa kanila at makayanan nilang magtiyaga sa paglilingkod sayo. Panginoon ibigay sa kanila ang kagalakan, kaaliwan, katiyakan at kapayapaan. Panginoon bisitahin sila, aliwin sila, itaas sila at alalayan sila ng iyong biyaya sa panahon ng paguusig, habang sila'y handang magebanghelyo, upang magsimula ng bagong pagaaral ng Bibilya at magtanim ng bagong kapisanan. Panginoon gantimpalaan sila at pagpalain sila sa paguusig na kanilang natatanggap at pagtiisan alang alang sa iyong pangalan.

Panginoon pagpalain kami at alalayan ang aming simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon protektahan kami mula sa mga namumuhi sa amin dahil sa iyong Salita at sa nagnanais na maghiganti mula sa amin. Panginoon iligtas kami sa kapahamakan at mga kaguluhan. Panginoon ibigay sa amin ang higit ng Banal na Espiritu upang maging handang magebanghelyo at abutin ang bagong bayan ng Mabuting Balita ni JesuCristo at sa mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon, kami'y nananalangin na bigyan kami ng kakayahang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami mula sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.